Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-26 NG AGOSTO, 2016 SA SANGGUNIANG BARANGAY SESYON HALL, BARANGAY CAMPAASAN, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | - Pansamantalang Tagapamahala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | - -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - -do- |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | - -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - -do- |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - -do- |
| Kgg. Tulay M. Caring | - IPs Representative |
| Kgg. Enrico C. Villas | - Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - Pangalawang Punong Bayan - **O.B.** |

x-------------------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BILANG 16-08-163

**KAUTUSANG NAGTATAKDA NG ARAW AT LUGAR NG TIANGGE SA PAMILIHANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**MAY-AKDA: SB MEMBER DEXTER R. GONZALES**
**SB MEMBER ENRICO C. VILLAS**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay nagtatakda at nag-aatas ng mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** Itinatakda na ang tianggian sa Pamilihang Bayan ng Bulalacao sa Barangay Campaasan ay isasagawa tuwing mga araw ng Martes at Sabado, simula ika-6 ng umaga hanggang ika-12 ng tanghali lamang;

**SEK. 2**. Ang pag-titiangge ay isasagawa sa kanang kalsada ng Pamilihan kapag paharap sa Bulalacao Public Market Parking Area (BPMPA); sa likurang kalsada ng Pamilihan sa pagitan ng meat section at vegetables section; at sa kalsada sa kanang bahagi ng wet/fish section kapag paharap sa vegetables section, sa araw at oras na itinatakda dito;

**SEK. 3**. Ang itinalagang Market Administrator ang magtatakda ng tukoy na espasyo ayon sa uri ng mga paninda sa lugar lamang ng tianggian na dito ay nababanggit;

Scanned with CamScanner

**SEK. 4.** Pananatilihing malinis ng mga nagtitinda at namimili ang lugar nang naaayon sa Ordinance No. 16-08-160 o Comprehensive Solid Waste Management Ordinance at gagamit lamang ng espasyo ayon sa hangganang itinutukoy ng karampatang kabayaran;

**SEK. 5.** Pinapayagan ang pagdiskarga ng mga paninda sa mga kalsadang para sa *tianggian* kung ang mga ito ay tanging sa motorsiklo, *tricycle, pedicab*, o *multicab* lamang sakay at kung ang nabanggit na mga sasakyan ay sumusunod sa takdang daloy ng sasakyan sa partikular na lugar. Magtatakda ng espasyo para may madaanan ang mga sasakyan;

**SEK. 6.** Ang itinalagang Market Administrator sa pakikipagtulungan ng Sangguniang Barangay ng Campaasan ang mamamahala sa maayos, makatarungan at tamang paggamit ng nabanggit ng lugar na alinsunod sa Kautusang ito;

**SEK. 7.** Ang sinumang tao o alinmang grupo, samahan o korporasyon na lalabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | PhP 1,500.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,000.00 |
| Ikatatlong Paglabag | - | 2,500.00 |

**SEK. 8.** Ang lahat na Ordinansa ng mga Sangguniang Barangay at ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa;

**SEK. 9.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos maipaskil ang napagtibay na sipi sa mga hayag na lugar sa bawat bulwagang pambarangay at sa bulwagang pambayan.

**ISINABATAS** ngayong ika-26 ng Agosto, 2016 sa Bulalacao, Oriental Mindoro

---

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**EDWIN C. ACERON**
SB Member

**TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**EDEZER F. ACERON**
Pansamantalang Tagapamahala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 09-27-2016

160826/DRG/jpc

Scanned with CamScanner